| English | Tagalog |
|---|---|
| Welcome to NLRB E-Filing | Maligayang pagdating sa NLRB E-Filing |
| What is E-File? | Ano ang E-File? |
| "E-File" is the system for submitting documents electronically pertaining to a case or inquiry pending before the National Labor Relations Board (NLRB). The E-File system is a quick and easy way to filed documents with the NLRB. | Ang "E File" ay ang sistema para sa pagsusumite ng mga dokumento sa elektronikong paraan na nauukol sa isang kaso o nakabinbin pagdinig sa Pambansang Lupon sa Ugnayan sa Paggawa (National Labor Relations Board o NLRB). Ang sistema ng E-File ay isang mabilis at madaling paraan upang mag-file ng mga dokumento sa NLRB. |
| Do I need to file multiple copies of documents that I file electronically? | Kailangan ko bang mag-file ng maraming kopya ng mga dokumento na aking elektronikong ipa-file? |
| There is no need to file multiple copies of documents that you file electronically. | Hindi na kailangang mag-file ng maraming kopya ng mga dokumento na iyong elektronikong ipa-file? |
| How do I access my previously E-Filed documents? | Paano ko ma-access ang dati kong mga dokumentong na E-File? |
| You may access previously E-Filed documents through the My Account Portal (MAP) for 90 days from date of E-Filing. | Maaari mong ma-access ang mga dati nang E-Filed na dokumento sa pamamagitan ng My Account Portal (MAP) para sa 90 araw mula sa petsa ng E-Filing. |
| I am a returning E-File user. Do I need to fill in Contact Information each time? | Ako ay isang nagbabalik na user ng E-File. Kailangan ko bang sagutan ang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa bawat beses? |
| No. Existing E-File users can **"Sign In"** to have access to previously entered Contact Information without having to reenter it. | Hindi. Ang mga umiiral na user ng E-File ay maaaring " **Mag-sign In"** upang magkaroon ng access sa naunang ipinasok na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan nang hindi na kailangang ilagay muli ito. |
| Where can I read the E-Filing rules? | Saan ko mababasa ang mga patakaran sa E-Filing? |
| The E-Filing terms are available here. The E-Filing terms are also displayed each time you access the E-Filing system. | Ang mga termino ng E-Filing ay makikita rito. Ang mga termino ng E-Filing ay ipinapakita rin sa tuwing na ia-access mo ang sistema ng E-Filing. |
| What documents can I E-File? | Anong mga dokumento ang maaaring mae-file? |
| Most documents can be filed with the NLRB using the E-Filing system, including Charges and Petitions. The full terms and rules are available (click here). | Karamihan sa mga dokumento ay maaaring i-file sa NLRB gamit ang sistema ng E-Filing, kabilang ang Mga Kaso at Petisyon. Ang buong mga tuntunin at patakaran ay makikita(pindutin ito). |
| For consolidated cases, do I need to E-File my document separately under each case number? | Para sa mga pinagsamang kaso, kailangan ko bang i-E-File ang aking dokumento nang hiwalay sa ilalim ng bawat numero ng kaso? |
| No, the document should be E-Filed solely under the lead (i.e., lowest) case number. | Hindi, ang dokumento ay dapat na E-Filed lamang sa ilalim ng lead (i.e., pinakamababang) numero ng kaso. |
| Is technical assistance available after business hours? | Mayroon bang teknikal na tulong pagkatapos ng oras ng trabaho? |

| | |
|---|---|
| Agency personnel are not available after the close of regular business hours to assist parties with E-Filing. If you have difficulty after hours, you may try using a different computer. Temporarily removing pop-up blockers and changing your spam filter to allow receipt of messages from nlrb.gov may expedite receiving a notification that your E-Filing has been received. A technical failure by the Agency's E-Filing system may excuse a late filing, but end user problems will not. If end user problems cannot be corrected before the 11:59 p.m. E-Filing deadline, the subsequent late filing will not be excused. Examples of end use problems include trouble with the telephone lines, the user's internet service provider, hardware, software, users failing to understand or follow E-Filing instructions, or rejection of the transmission because the document contains a virus. | Ang mga tauhan ng ahensya ay hindi makakaugnayan pagkatapos ng pagsasara ng regular na oras ng negosyo upang tulungan ang mga partido sa E-Filing. Kung nahihirapan ka pagkatapos ng oras ng trabaho, maaari mong subukang gumamit ng ibang computer. Ang pansamantalang pagtanggal ng mga pop-up blocker at pagbabago ng iyong spam filter upang matanggap ang mga mensahe mula sa nlrb.gov ay maaaring magpabilis ng pagtanggap ng abiso na natanggap ang iyong E-Filing. Ang isang teknikal na kabiguan sa pamamagitan ng sistema ng E-Filing ng Ahensiya ay maaaring pahintulutan ang nahuling na pag-file, ngunit ang mga problema sa end user ay hindi. Kung hindi maitatama ang mga problema sa end user bago ang 11:59 p.m. na deadline ng E-Filing, hindi na ipapawalang-sala ang mga susunod na nahuling filing. Ang mga halimbawa ng mga problema sa end user ay ang problema sa mga linya ng telepono, ang tagapagbigay ng serbisyo sa internet ng user, hardware, software, ang mga user ay hindi nauunawaan o sinusunod ang mga tagubilin sa E-Filing, o pagtanggi sa paghahatid dahil ang dokumento ay naglalaman ng isang virus. |
| What is the deadline for E-Filing? Can I request an extension? | Kailan ang deadline ng E-Filing? Pwede bang humiling ng ekstensyon? |
| E-Filed documents must be filed using the Agency's website before midnight in the time zone of the receiving office. Requests for extension of time are made by completing an online form. You can request an extension of time through the NLRB's E-Filing System by clicking here. Please note that successful submission of a request for an extension of time through the Agency's E-Filing system does not mean that your request has been granted. The office receiving the request will contact you directly to confirm whether the request has been granted or denied. | Ang mga dokumentong na E-File ay kailangang i-file gamit ang website ng Ahensiya bago mag-hatinggabi sa time zone ng tatanggap na opisina. Ang mga kahilingan para sa ekstensyon ng oras ay ginagawa sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang online form. Maaari kang humiling ng ekstensyon ng oras sa pamamagitan ng E-Filing System ng NLRB sa pamamagitan ng pag-click dito. Mangyaring tandaan na ang matagumpay na pagsusumite ng isang kahilingan para sa ekstensyon ng oras sa pamamagitan ng sistema ng E-Filing ng Ahensya ay hindi nangangahulugan na ang iyong kahilingan ay napagbigyan. Ang opisina na tumatanggap ng kahilingan ay direktang makikipag-ugnayan sa iyon upang kumpirmahin kung ang kahilingan ay ipinagkaloob o tinanggihan. |
| What if I have a question not on this list? | Paano kung may tanong ako na wala sa listahang ito? |
| You may send questions not addressed here to webteam@nlrb.gov. | Maaari kang magpadala ng mga tanong na hindi sinagot dito sa webteam@nlrb.gov. |

| | |
|---|---|
| What if I receive more than one Account Number? | Paano kung mahigit sa isang Account Number ang natanggap ko? |
| If you receive more than one Account Number, you should add those to your online My Account Portal profile as well. In your Profile, enter the additional account number in the “Add Accounts and Addresses” box and then select the Add button. The page will refresh with the additional account information. | Kung nakatanggap ka ng higit sa isang Account Number, dapat mong idagdag rin ang mga iyon sa iyong online na profile ng My Account Portal. Sa iyong Profile, ipasok ang karagdagang numero ng account sa kahon na "Magdagdag ng Mga Account at Address" at pagkatapos ay piliin ang button na Magdagdag. Ang pahina ay magre-refresh gamit ang karagdagang impormasyon ng account. |
| What is E-Service? | Ano ang E-Service? |
| "E-Service" is the electronic service of Board and ALJ decisions and orders on parties. Parties who register for E-Service will receive, immediately upon posting of the Board's daily E-Docket on its website, an e-mail constituting formal notice of the Board's or Judge's decision and an electronic link to the decision. E-Service notifications will be sent at the close of the business day from NLRB headquarters in Washington, D.C. (5:00 p.m. Eastern Time). Board and ALJ decisions will not be mailed to parties who sign up for E-Service.<br><br>When documents are electronically-filed in a case, the NLRB sends a courtesy e-mail notification to other parties in the case who have registered to receive electronic service of Board and ALJ Decisions. The e-mail provides a link to the documents as a courtesy notification only; **it does not constitute service of the document by the filing party pursuant to Board Rules & Regulations Sections 102.114(a) or 102.114(i).** In addition, this e-mail indicates only that the document has been E-Filed with the Agency. It does not constitute a determination that the document has been accepted by the Agency as meeting the requirements for filing. In the event the document being E-Filed is required to be served on another party to a proceeding, the other party must be served by e-mail, if possible. If the other party does not have the ability to receive electronic service, that party must be notified by telephone of the substance | Ang "E-Service" ay ang elektronikong serbisyo ng mga desisyon at utos ng Lupon at ALJ sa mga partido. Ang mga partidong nagrehistro para sa E-Service ay tatanggap, kaagad sa pag post ng araw-araw na E-Docket ng Lupon sa website nito, ng isang e-mail na bumubuo ng pormal na abiso ng desisyon ng Lupon o Hukom at isang elektronikong link sa desisyon. Ang mga abiso sa E-Service ay ipapadala sa pagtatapos ng araw ng negosyo mula sa punong tanggapan ng NLRB sa Washington, D.C. (5:00 p.m. Eastern Time). Ang mga desisyon ng board at ALJ ay hindi ipapadala sa koreo sa mga partido na nag-sign up para sa E-Service.<br><br>Kapag ang mga dokumento ay elektronikong nai-file sa isang kaso, ang NLRB ay magpapadala ng isang abiso ng paalalang e-mail sa iba pang mga partido sa kaso na nakarehistro upang makatanggap ng elektronikong serbisyo ng Lupon at Desisyon ng ALJ. Ang e-mail ay nagbibigay ng link sa mga dokumento bilang paalalang abiso lamang; **hindi ito bumubuo ng serbisyo ng dokumento ng partido ng pag-file alinsunod sa Patakaran at Regulasyon ng Lupon Seksyon 102.114(a) o 102.114(i).** Bukod dito, ang e-mail na ito ay nagpapahiwatig lamang na ang dokumento ay E-Filed sa Ahensiya. Hindi ito bumubuo ng determinasyon na ang dokumento ay tinanggap ng Ahensya bilang pagtugon sa mga kinakailangan sa pag-file. Sa kaganapan na ang dokumentong E-Filed ay |

| | |
|---|---|
| of the transmitted document and a copy of the document must be served by personal service no later than the next day, by overnight delivery service, or, with the permission of the party receiving the document, by facsimile transmission. See Sec. 102.114(a) and (i) of the Board's Rules and Regulations.<br><br>If you have not registered for E-Service, and wish to do so, you should log into the NLRB My Account Portal and select the checkbox that says "I consent to accept formal service of documents electronically from the NLRB.". See the FAQ "How do I sign in to the NLRB My Account Portal?" for information regarding logging into My Account. | kinakailangan upang maihain sa ibang partido sa isang paglilitis, ang iba pang partido ay dapat na mabigyan sa pamamagitan ng e-mail, kung maaari. Kung ang kabilang partido ay walang kakayahan na makatanggap ng elektronikong serbisyo, ang partidong iyon ay kailangang ipaalam sa pamamagitan ng telepono ng buod ng ipinadala na dokumento at ang isang kopya ng dokumento ay dapat na maibigay sa pamamagitan ng personal na serbisyo hindi lalampas sa susunod na araw, sa pamamagitan serbisiyo sa magdamag na pagpapadala, o, sa pahintulot ng partido na taatanggap ng dokumento,  sa pamamagitan ng pagpapadala ng facsimile. Tingnan ang Sec. 102.114(a) at (i) ng Mga Patakaran at Regulasyon ng Lupon.<br><br>Kung hindi ka pa nakarehistro para sa E-Service at nais mong gawin ito, dapat kang mag-log in sa NLRB My Account Portal at piliin ang checkbox na nagsasabing "Pumapayag akong tanggapin ang pormal na serbisyo ng mga dokumento sa elektronikong paraan mula sa NLRB.". Tingnan ang FAQ "Paano ako mag-sign in sa NLRB My Account Portal?" para sa impormasyon hinggil sa pag-log in sa My Account. |
| What is login.gov? | Ano ang login.gov? |
| login.gov is a service that offers secure and private online access to government programs and websites. With a login.gov account, you can sign into multiple government websites, including the NLRB public website, with the same email address and password. | Ang login.gov ay isang serbisyo na nag-aalok ng ligtas at pribadong online na access sa mga programa at website ng pamahalaan. Sa pamamagitan ng isang login.gov account, maaari kang mag-sign in sa maraming mga website ng pamahalaan, kabilang ang pampublikong website ng NLRB , gamit ang parehong email address at password. |
| Why is NLRB using login.gov? | Bakit gumagamt ang NLRB ng login.gov? |
| login.gov uses two-factor authentication, and stronger passwords, that meet National Institute of Standards of Technology requirements for secure validation and verification. By using login.gov, you'll get an extra layer of security to help protect your My Account profile against password compromises. | Gumagamit ang login.gov ng dalawang factor na pagpapatunay, at mas malakas na mga password, na nakakatugon sa mga kinakailangan ng National Institute of Standards of Technology para sa ligtas na pagpapatunay at pagberipika. Sa pamamagitan ng paggamit ng login.gov, makakakuha ka ng dagdag na layer ng seguridad upang makatulong na maprotektahan ang iyong profile ng My Account laban sa mga kompromiso ng password. |

| | |
|---|---|
| How do I sign in to the NLRB My Account Portal? | Paano ako mag-sign in sa NLRB My Account Portal? |
| To sign-in to the NLRB My Account Portal you must have a login.gov account. If you do not already have a login.gov account, you must create one. This is a one-time step. For help in creating a new login.gov account click here for more information.<br><br>After providing your login.gov credentials you will be asked to enter an Account Number and the email address associated with the Account. This information is available in the email notification you received after you submitted a charge/petition or at the time that you e-filed documents in support of your charge/petition.<br><br>You will need to use your login.gov email address, password and the one-time security code every time you want to sign into the My Account Portal. | Upang mag-sign in sa NLRB My Account Portal kailangan mong magkaroon ng isang login.gov account. Kung wala ka pang login.gov account, kailangan mong lumikha ng account. Ito ay isang beses na hakbang. Para sa tulong sa paglikha ng bagong login.gov account mag-click dito para sa karagdagang impormasyon.<br><br>Matapos ibigay ang iyong mga kredensyal sa login.gov ikaw ay hihilingin na maglagay ng isang Account Number at ang email address na nauugnay sa Account. Ang impormasyong ito ay makukuha sa abiso sa email na natanggap mo pagkatapos mong magsumite ng isang kaso / petisyon o sa oras na nag-e-file ka ng mga dokumento bilang suporta sa iyong kaso / petisyon.<br><br>Kailangan mong gamitin ang iyong email address sa login.gov, password at ang isang beses na security code sa tuwing nais mong mag-sign in sa My Account Portal. |
| What if I already have a login.gov account? | Paano kung may account na ako sa login.gov? |
| If you already have a login.gov account, you do not need to create a second one. Use your existing login.gov email address and password, plus the one-time security code to sign into the NLRB My Account Portal. | Kung mayroon ka nang account sa login.gov , hindi mo na kailangang lumikha ng pangalawang account. Gamitin ang iyong umiiral na email address at password sa login.gov, at ang isang beses na security code upang mag-sign in sa NLRB My Account Portal. |
| Can I share a login.gov account with another person? | Pwede ko bang ibahagi sa ibang tao ang aking account sa login.gov? |
| No. Each person needs his/her own login.gov account. Each person must set up his/her own login.gov account, with their own email address (not an email that you share with someone else). | Hindi. Ang bawat tao ay nangangailangan ng kanyang sariling account sa login.gov. Ang bawat tao ay dapat mag-set up ng kanyang sariling account sa login.gov, gamit ang kanilang sariling email address (hindi isang email na kahati mo sa iba). |
| Which email address should I use to create a login.gov account? | Aling email address ang dapat kong gamitin sa paggawa ng account sa login.gov? |
| You can use any email address to create your login.gov account. However, we suggest you use the email address you plan to use when corresponding with the NLRB. | Maaari mong gamitin ang anumang email address upang lumikha ng iyong acccount sa login.gov. Gayunpaman, iminumungkahi namin na gamitin mo ang email address na plano mong gamitin sa pakikipag-ugnayan sa NLRB. |